# David at Samuel at Jesse

WEEK 1

## WARM-UP

- Noong mas bata ka pa, anong karera o propesyon ang gusto mong magkaroon? Paano ito nagbago sa pagdaan ng panahon?
- Anong bagay ang binili mo kamakailan lang? Pinag-isipan mo ba ang presyo at kalidad nito? Ano ang nakakatulong sa 'yo para malaman kung ano ang bibilhin mo?
- Isipin mo kung ano ang unang-una mong napapansin kapag tumitingin ka sa mga tao. Anong mga konklusyon ang nagagawa mo batay sa panlabas na anyo?

## WORD

*Nang panahong iyon, sinabi ng PANGINOON kay Samuel, "Hanggang kailan ka magdadalamhati para kay Saul? Inayawan ko na siya bilang hari ng Israel. Ngayon, punuin mo ng langis ang iyong sisidlan na sungay, at pumunta ka kay Jesse sa Betlehem. Pinili ko ang isa sa mga anak niya na maging bagong hari."* **1 SAMUEL 16:1**

(Basahin din ang **1 SAMUEL 16:2–13.**)

Nang humiling ang Israel ng isang hari, tinawag ng Diyos si Samuel upang hirangin si Saul bilang kauna-unahang hari ng Israel. Ngunit sumuway si Saul sa Diyos. Kaya pumili ang Diyos ng ibang taong mamuno sa Kanyang mamamayan at tinawag Niyang muli si Samuel upang hirangin ang susunod na hari. Sa pagkakataong ito, ang napili ay isang binata na sumusunod sa kagustuhan Niya. Siya ay magiging isa sa mga dakilang lider ng Israel, at ang Panginoon at Tagapagligtas natin na si Jesus ay manggagaling sa kanyang angkan. Sa ganitong paraan, gusto ng Diyos na makibahagi tayo sa pakikipag-ugnayan at pagsasanay ng paparating at mga susunod pang henerasyon. Ngayong araw, sa pamamagitan ng kwento ni David at Samuel, pag-aralan natin kung paano tayo makikibahagi sa ginagawa ng Diyos.

## 1 Kailangan natin ang gabay ng Diyos upang malaman at kilalanin ang tawag ng Diyos at ang potensyal ng kabataan.

*[6]Pagdating nila, nakita ni Samuel si Eliab at naisip niya, "Siguradong siya na ang pinili ng PANGINOON na maging hari." [7]Pero sinabi ng PANGINOON kay Samuel, "Huwag mong tingnan ang tangkad at ang kakisigan niya dahil hindi siya ang pinili ko. Hindi ako tumitingin na gaya ng pagtingin ng tao. Ang tao'y tumitingin sa panlabas na kaanyuan, ngunit ang tinitingnan ko'y ang puso." . . . [12]Pagkatapos, sinabi ng PANGINOON, "Pahiran mo siya ng langis dahil siya ang pinili ko."* **1 SAMUEL 16:6–7, 12**

Bilang pagsunod sa tawag ng Diyos, pumunta si Samuel sa bahay ni Jesse at kinilatis ang mga anak nito. Tiningnan ni Samuel ang kanilang hitsura at pangangatawan, ngunit ang tinitingnan ng Diyos ay ang hindi nakikita—ang kanilang mga puso. Nang si David—na hindi kasali noong una sa mga pagpipilian—ay nagpakita, sinabihan ng Diyos si Samuel na si David ang pinili Niya. Si David ang pinakabatang anak na nautusang mag-alaga ng mga tupa ng pamilya. Sumunod si Samuel at hinirang niya si David bilang hari. Ang mga layunin ng Diyos ay hindi lamang tumutukoy sa mga madalas nating nakikita. Kailangan natin ng karunungan at gabay galing sa Diyos para mapalaki natin ang mga kabataan na tinutupad kung anuman ang ipinapagawa sa kanila ng Diyos. Sinu-sino ang mga taong nakakita ng potensyal sa iyo? Ano ang nakita nila sa iyo?

## 2 Kailangan nating maging tapat sa ipinapagawa sa atin ng Diyos sa kasalukuyan.

*[34]Pero sumagot si David, "Matagal na po akong nagbabantay sa mga tupa ng aking ama. Kung may leon o oso na tatangay sa mga tupa . . . [37]Ang PANGINOON na nagligtas sa akin sa mga leon at oso ang siya ring magliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong iyon."*

**1 SAMUEL 17:34, 37**

Noong si David ay isang batang pastol pa lamang, lumalago siya sa kanyang ugnayan sa Diyos at tapat niyang tinutupad ang kanyang mga tungkulin at marami siyang natutunan na nakatulong sa pagharap niya sa mga pagsubok para sa Diyos. Nang inatake ng mga Filisteo ang mga Israelita, natakot sila dahil kay Goliat, ang higanteng sundalo na humahamon sa kanila at sa kanilang Diyos. Narinig ito ni David at nagpasya siyang harapin ito. Nagduda ang iba sa kanyang kakayahan. Ngunit buo ang tiwala ni David sa Diyos dahil nakita na niya kung paano siya tinulungan ng Diyos na labanan ang mga mababangis na hayop noong isa pa lamang siyang pastol. Nauwi ito sa pagkapanalo nila. Nais ng Diyos na tayo ay maging tapat, anupaman ang panahong pinagdaraanan natin, habang naghihintay na ihayag Niya ang Kanyang mga layunin. Ano ang isang bagay na iniutos ng Diyos na gawin mo, na hindi mo naintindihan noong una, ngunit naging malinaw sa iyo dahil kumilos ka nang nananampalataya sa Kanya?

## APPLICATION

- Sa ilalim ng gabay ng salita ng Diyos, paano natin dapat tingnan ang iba lalo na ang kabataan?
- Sa anong mga paraan ka tinatawag ng Diyos upang maging bahagi ng pakikipag-ugnayan sa susunod na henerasyon? Paano mo susundin ang Diyos tulad ng ginawa ni Samuel?
- Mag-isip ng isa o dalawang kabataan sa iyong komunidad o sa larangan kung saan ka may impluwensiya. Paano mo sila matutulungang lumago sa kanilang ugnayan sa Diyos at ipamuhay ang tawag at layunin nila sa Kanya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pagmamahal para sa susunod na henerasyon. Pasalamatan Siya dahil tinatawag Niya ang bawat henerasyon upang sumunod sa Kanya at makibahagi sa ginagawa Niya sa ating mundo.
- Hilingin sa Diyos na turuan kang makita ang iba ayon sa Kanyang pananaw, tulad ng ginawa Niya nang piliin Niya si David. Ipanalangin na tulungan ka ng Diyos na gawin rin ito para sa mga kabataan.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng lakas ng loob at habag para matulungan mo ang susunod na henerasyon at maipangaral ang salita ng Diyos sa kanila.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Josh Hernandez, Romeo Mercado

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.